TOMO 11 BILANG 7 | ISSN NO. 2599-5405 | HULYO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI


Kwentong Tagumpay — Page 2

BUKAS para sa LAHAT — Page 3

FROM THE MARGINS — Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder and Chairman Emeritus — Page 4


## CMDI, IPINAGDIWANG ANG IKA-ANIM NA PAGTATAPOS SA SENIOR HIGH SCHOOL

ni Josephine Ramos




*Si Evangelene Pallen, ang valedictorian ng Class 2023-2024 mula sa Accountancy, Business, and Management strand, ang nagbigay inspirasyon sa kanyang mga kasamahang nagtapos na mangarap ng malaki at sundan ang kanilang mga puso. Makikita rin sa itaas na larawan (mula kaliwa patungong kanan) ang CMDI Academic Officials kabilang sina Anna Therese De Leon, Glenda Lagarile, at Lorelie Aguilar; Atty. Joanna Padrid, ang kinatawan ni Mayor Jose Padrid ng Bay, Laguna; School Division Superintendent of the DepEd-Division of San Pablo City Dr. Gerlie Ilagan; CMDI Senior Adviser Flordeliza L. Sarmiento; CMDI President Dr. Edzel A. Ramos; at si CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.*

Ipinagdiwang ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ang kanilang ika-6 na Senior High School Commencement Exercises na may temang "Kabataang Pilipino para sa Matatag na Kinabukasan ng Bagong Pilipinas". Ginanap ang pagtatapos ng CMDI Bay Campus sa CMDI Bay 2 Gymnasium sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Hunyo 1, 2024, habang sa CMDI Tagum Gymnasium sa Brgy. Mankilam, Tagum City ginanap ang pagtatapos ng CMDI Tagum Campus noong Hunyo 4, 2024. Nakapagtapos ng *Senior High School* ang kabuuang 415 mga mag-aaral mula sa dalawang kampus.

"Ang mga natutuhan at karanasan ninyo sa CMDI, kasama ang mga nabuo ninyong pagkakaibigan at samahan, ay may mahalagang bahagi sa pagkamit ng inyong tagumpay sa mga darating na yugto ng inyong buhay," ani CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle Alip.

Hinikayat din niya ang mga nagsipagtapos na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at makamit ang kanilang mga diploma. Gayunpaman, bukas ang pinto ng CARD MRI para sa mga kinakailangan ng magtrabaho at nais maging bahagi ng misyon ng CARD MRI na labanan ang kahirapan sa bansa.

Dagdag ni Dr. Alip, "Nais kong sundan ninyo ang inyong hilig at gawin ang inyong mga nais sa buhay, ngunit umaasa rin akong patuloy kayong maging bahagi at makiisa sa aming misyon na paunlarin ang bawat Pilipino."


Samantala, nagpahayag ng pasasalamat at pagbati si CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito sa mga nagsipagtapos, "Ang mga parangal at pagkilalang natanggap ng mga nagsipagtapos ay hindi lamang nagpapakita ng kanilang kahusayan kundi pati na rin ng dedikasyon at kakayahan ng mga guro ng CMDI," aniya.

Ang CMDI ay nag-aalok din ng mga kurso sa kolehiyo tulad ng Bachelor of Science in Entrepreneurship, specializing in Microfinance, Bachelor of Science in Accountancy, Bachelor

P2

## KOA-PINYON:

Ang edukasyon ang isa sa mga maipamamana ng ating mga magulang na hindi mananakaw ng sinoman! Congratulations class 2023-2024!



## PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD: CARD MRI, ISINAGAWA ANG KAUNLARAN CARAVAN SA BASEY, SAMAR

ni Edrian Banania



*Nakilahok ang 71 katao sa dental check-up sa ginanap na Kaunlaran Caravan sa Basey, Samar.*

Ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ay muling nagsagawa ng Kaunlaran Caravan sa Basey, Samar noong Hunyo 21, 2024, upang magbigay ng iba't ibang serbisyong pangkaunlaran sa komunidad.

Sa pangunguna ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), naghatid ang programa ng mga libreng serbisyo gaya ng *medical, dental, optical check ups* at *tooth extraction*. Bukod dito, nagbigay rin ng 20% diskwento sa mga *generic* na gamot mula sa BotiCARD, *pre-registration* para sa *mass wedding*, *financial literacy storytelling* para sa mga bata, *wellness massage, grooming haircut, manicure* at *pedicure*, at *feeding program*.

Tampok sa programa ang mga produkto ng Mga Likha ni Inay, mga abot-kayang produkto ng

P2

KWENTONG TAGUMPAY

## INSPIRASYON MULA SA PAGMAMAHAL AT KATATAGAN

ni Josephine Ramos



*Sa kabila ng mga hamon sa buhay, pinatunayan ni Lerma Cuevas at ng kanyang pamilya na ang pagmamahal, pagkakaisa, at sipag ang daan tungo sa tagumpay.*

Bilang isang mapagmahal na ina, ang pangunahing layunin ni Lerma Cuevas ay ang pag-unlad at tagumpay ng kanyang pamilya. Ito ang nagbibigay sa kanya ng lakas

P2

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

Ipinagdiwang ng CARD MRI Holdings, Inc. ang ika-8 anibersaryo nito noong Hulyo 29, 2024. Layunin nito na palawakin ang mga oportunidad ng CARD MRI Group na makapagsilbi sa maraming pamilyang Pilipino, hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na rin sa mga bansang saklaw ng CARD MRI.

Ang CARD SME Bank, Inc. ay nagdiwang ng ika-13 anibersaryo ng pagbibigay serbisyo sa *Micro, Small, and Medium Enterprises* (MSMEs) noong Hulyo 25, 2024.

Layunin ng CARD SME Bank na suportahan ang mga MSME sa pagpapalago ng kanilang mga negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa mga produktong pambangko nito gaya ng *business loans*. Bukod pa rito, nagbibigay rin ito ng iba't ibang serbisyong pinansyal at pangkaunlaran sa mga kliyente nito at sa komunidad, gaya ng *savings, remittances, loans,* at *community development programs,* upang matulungan silang mapaunlad ang kanilang pamumuhay.

Noong Mayo 2024, ang CARD SME Bank ay nakapagsilbi na sa 1,271,797 mga kliyente. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD SME Bank, bisitahin ang kanilang *official website* sa @cardmri.com/cardsmebank o sa kanilang *Facebook page* sa @CARDSMEBankOfficialPage.

Ipinagdiwang ng CARD MRI Publishing House at ng CARD MRI Hijos Tours ang ika-7 anibersaryo ng pagbabahagi ng mga kwento at makabuluhang paglalakbay noong Hulyo 11, 2024.

Ang CARD Publishing at Hijos Tours ay parehong institusyon sa ilalim ng CARD MRI na tumutuwang sa pagpapaunlad ng komunidad ng organisasyon sa tulong ng kanilang mga produkto at serbisyo. Sa pamamagitan ng tradisyunal at modernong paraan ng komunikasyon, nakapagbibigay ang CARD Publishing ng inspirasyon sa mga tao patungo sa tagumpay. Samantala, patuloy naman sa pagbuo ng *tour programs* ang Hijos Tours upang ipagdiwang ang ating makasaysayang kultura at tradisyon.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CARD Publishing at Hijos Tours, bisitahin ang kanilang mga *Facebook page* sa @PublishingHouseInc at @HijosToursOfficial.

## CMDI, IPINAGDIWANG ANG ... P1

of Science in Information Systems, Bachelor of Science in Accounting Information Systems, at Bachelor of Science in Tourism Management.

Si Evangelene Pallen ang kinilalang *valedictorian* ng CMDI Bay Campus, habang si Renzyle Jade Zafra naman ang *valedictorian* ng CMDI Tagum Campus.

Dagdag pa ni Dr. Gerlie Ilagan, ang School Division Superintendent ng DepEd-Division sa San Pablo City, ang nagsilbing tagapagsalita sa programa, "Kailangan mong kumilos upang maabot ang iyong mga layunin at pangarap sa buhay. Ito ang simula ng pagiging matatag at matagumpay na mamamayan."

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CMDI, bisitahin lamang ang kanilang *website* sa https://cmdi.edu.ph/ o sa kanilang Facebook page sa @cmdibaymainofficial o sa @cmditagumofficial.

## PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD ... P1

BotiCARD, ang kwentong "Ang Magic Alkansya ni Carding" handog ng CARD MRI Publishing House, at mga produktong *microinsurance* at *savings* mula sa CARD MRI.

"Sa pamamagitan ng programang ito, ipinaaabot ng CARD MRI ang mga produkto at serbisyo sa mga malalayong lugar at sa iba't ibang komunidad na mahirap abutin o walang akses sa mga serbisyong makatutulong sa kanilang pag-unlad," ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito. "Layunin ng Kaunlaran Caravan na maging bahagi ng pag-angat ng bawat indibidwal at pamilya mula sa kahirapan."

Kasama ang iba pang mga institusyon sa ilalim ng CARD MRI tulad ng CARD Bank, Inc., CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Mga Likha ni Inay, BotiCARD, at CARD MRI Publishing House, dumalo sa programa ang mahigit 600 mga indibidwal na ginanap sa Brgy. Salud Elementary School Covered Court Basey, Samar.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na *Facebook page* ng CARD MRI sa @CARDMRIOfficial.

# KWENTONG TAGUMPAY

## INSPIRASYON MULA SA ... P1

upang manatiling matatag sa kabila ng mga hamon ng buhay.

Mula sa bayan ng Rosario, Batangas, isang sandigan para kay Lerma ang samahan ng pamilya upang mapagtagumpayan ang bawat hamon. Bagama't hayskul lamang ang kanyang natapos, nanatili ang kanyang determinasyon at paniniwala sa magandang bukas na naghihintay sa kanila sa tamang panahon.

Sa kabila ng mga hamong pinansyal, matagumpay na napaaral nina Lerma at ng kanyang asawa ang kanilang anim na anak. Sa kanilang matibay na determinasyon, sipag, at pagkakaisa bilang isang pamilya, ang lahat ng tila imposible ay kanilang nakamit.

Sa kasalukuyan, mayroon ng *degree* sa Business Administration ang kanilang panganay na anak, at may anim na taon nang karanasan bilang regular na empleyado ang kanilang ikalawang anak. Ang kanilang ikatlong anak naman ay isang Electrical Engineer, habang ang kanilang kambal na bunso ay kasalukuyang kumukuha ng kanilang *degree* sa kolehiyo.

Ang kanilang pag-aalaga sa manukan at babuyan, kasama ng kanilang determinasyon, ay naging mahalagang bahagi ng pagtugon sa pangangailangan ng kanilang mga anak. Lubos ang pasasalamat ni Lerma sa tulong na ibinigay ng CARD SME Bank, Inc., isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI. Ang mga *loan* na kinuha niya mula sa bangko ay naging pundasyon sa pagpapalago ng kanilang negosyo at pagbibigay ng suportang pinansyal para sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Hindi lamang tulong pinansyal ang natagpuan ni Lerma sa CARD SME Bank kundi pati na rin ang diwa ng pamilya. Bilang isang kliyente nito, itinuturing ni Lerma ang halaga ng pagkakaroon ng matatag na samahan at pagtanggap sa bawat isa, kung saan ang lahat ng kabilang sa komunidad ng CARD ay hindi lang itinuturing bilang isang kliyente kundi isang bahagi ng pamilya. Ito ang nagpapalakas sa kanilang samahan at ugnayan bilang isang grupo.

Si Lerma at ang kanyang pamilya ay naging inspirasyon sa kanilang komunidad at nagbibigay ng motibasyon sa iba pang kliyente ng CARD na magsumikap para sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang kanilang pagkakaisa at dedikasyon ay nagpapanatili sa kanilang pamilya na magkakasama, habang napapaunlad ang kanilang negosyo. Samantala, nakatutulong din sa pag-unlad ng kanilang negosyo ang mga tagapagdala ng kargo na siyang naghahatid at nagbebenta ng kanilang mga produkto mula sa manukan at babuyan patungo sa merkado.

"Huwag kang susuko sa mga hamon ng buhay. Hindi tayo bibigyan ng Panginoon ng pagsubok na hindi natin kayang lagpasan. Kinakailangan lang na lumaban tayo at magtulungan bilang isang pamilya upang malampasan ang mga pagsubok at marating ang tagumpay," pagtatapos niya.

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD SME BANK, NAGBUKAS NG BAGONG SANGAY SA ZAMBOANGA SIBUGAY

*ni Harlene Joy Reyes*



Binuksan ng CARD SME Bank, Inc. ang ika-40 sangay nito sa Ipil, Zamboanga Sibugay noong Hunyo 10, 2024. Layunin nitong palawakin ang serbisyo at suportahan ang paglago ng mga negosyo ng mga kliyenteng *Micro, Small, at Medium Enterprises* (MSMEs).

Ang CARD SME Bank ay nag-aalok ng iba't ibang produkto at serbisyo gaya ng *savings, remittances,* at *loans*. Nagbibigay rin ito ng karagdagang serbisyo sa mga kliyente at buong komunidad upang matulungan silang maiangat ang antas ng kanilang pamumuhay. Noong Abril 2024, ang CARD SME Bank ay may mahigit PHP 6.6 billion loan outstanding at naglilingkod sa mahigit 1.2 milyong kliyente sa buong bansa.

Matatagpuan ang bagong sangay nito sa Purok Everlasting, Don Andres, Ipil, Zamboanga Sibugay. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang kanilang *Facebook page* sa @CARDSMEBankOfficialPage.

## CMDI, NAGLUNSAD NG BAGONG CAMPUS AT PASILIDAD

*ni Harlene Joy Reyes*




Inilunsad ng CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) ang ika-lima nitong kampus sa San Pablo City, Laguna noong Hunyo 18, 2024, at isang bagong *training facility* nito sa Ruthay's Place, Lubao, Pampanga noong Hunyo 22, 2024.

Ang bagong kampus ng CMDI ay naglalayong palawakin ang kanilang programa sa komunidad ng CARD MRI at iba pang sektor sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa abot-kaya ngunit dekalidad na edukasyon at pagsasanay tulad ng iba't ibang *training programs*, *academic programs,* at *digital education programs*. Kasabay nito, magbibigay din ang bagong pasilidad ng *enhancement courses* at *enterprise development trainings* sa mga kliyente at kawani ng CARD MRI upang mapaunlad ang kanilang mga kakayahan.

Ang CMDI San Pablo Campus ay patuloy sa pagtanggap ng mga *senior high school students* at magbubukas ngayong Academic Year 2024-2025. Matatagpuan ang bagong campus nito sa J.P. Rizal Avenue, Brgy. VII-A, San Pablo City, malapit sa Pergas Rizal Gas Station, habang ang bagong pasilidad nito ay matatagpuan sa Jose Abad Santos Avenue, Lubao, Pampanga.

## BOTICARD, BUKAS NA SA RODRIGUEZ, RIZAL AT INFANTA, QUEZON

*ni Harlene Joy Reyes*




Nagbukas ang BotiCARD Inc. ng dalawang parmasya nito upang magbigay ng mas malawak na akses sa dekalidad, abot-kayang gamot at serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad ng Rodriguez, Rizal at Infanta, Quezon.

Bilang bahagi ng CARD MRI, layunin ng BotiCARD na labanan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mura ngunit dekalidad na mga produkto at serbisyo sa kalusugan upang mapabuti at mapaunlad ang kalusugan ng mga komunidad sa bansa.

Simula Abril 2024, may mahigit 2 milyong kliyente na ang pinagsilbihan ng BotiCARD at may 21 sangay sa buong bansa. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang *website* sa @cardmri.com/boticard o ang kanilang opisyal na *Facebook page* na @boticardOfficial.

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG PANAGHIUSA SA TACLOBAN CITY

*ni Mary Rose Javier*



*Nasa larawan ang mga ilang pamunuan ng CARD MRI at mga media practitioner na dumalo sa tatlong araw na Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program sa Tacloban City.*

Muling nagsagawa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program sa Tacloban City, Leyte noong Hunyo 19-21, 2024. Layunin nitong paigtingin ang kaalaman ng mga *media practitioner* sa misyon ng CARD MRI bilang isang *social development organization* na lumalaban sa kahirapan sa bansa.

"Ang mas malalim na ugnayan ng *microfinance institution* at mga *media practitioner,* na parehong layunin ang makatulong at magbigay ng tunay at makabuluhang impormasyon sa bawat komunidad, ay nagpapalakas sa ating misyon na makapagbigay ng inspirasyon at pag-asa tungo sa pag-unlad," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Sa pangunguna ng CARD MRI Publishing House, binisita ng mga *media practitioner* ang mga CARD *center* at narinig ang mga kwento ng tagumpay ng tatlong kliyente mula CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at CARD Bank, Inc. Tacloban branch. Kasama rin sa kanilang aktibidad ang maikling Tacloban City Tour kung saan natutuhan nila ang makulay na kasaysayan ng lungsod sa tulong ng CARD MRI Hijos Tours.

Nasaksihan rin ng mga *media practitioner* ang Kaunlaran Caravan, isang inisyatiba ng CARD MRI na naglalayong maghatid ng mga programa at serbisyong pangkaunlaran sa mga komunidad. Dahil dito, nagkaroon sila ng mas malalim na pang-unawa sa mga konsepto ng *microfinance* at *microinsurance*, pati na rin sa positibong epekto ng CARD MRI sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga serbisyo nitong pampinansyal at mga programa para sa pag-unlad ng komunidad.

Dagdag pa ni Manila, "Sa programang ito, pinalalakas natin ang ating kakayahan bilang isang grupo sa pagbabahagi ng mga kwento at impormasyong makatutulong sa tagumpay ng bawat Pilipino. Bagama't tayo ay may iba't ibang paraan at pinagmulan, tiyak ako na ang lahat ng ating ginagawa ay para sa kapakanan ng ating mga kababayan."

Dumalo sa programa ang 12 *media practitioner* mula sa Luzon, Visayas, at Mindanao kabilang sina Carmela Estrope ng Newscore Bulacan; Kervin Roi Katigbak ng Ang Dyaryo Natin; Dexter Visitacion ng Periodico Norte; Jefferson Crisostomo ng Balitang Parehas; Dominic Abrematea ng Tacloban Star; Marie Tonette Marticio ng Manila Bulletin; Justine Grace Traya ng RMN Tacloban; Tito Tepase ng Leyte-Samar Daily Express; Roel Amazona ng Philippine News Agency Tacloban; Ruby Espina ng West Leyte Express; at Ricky Bautista ng West Leyte Weekly Express.

Ang Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program ay inoorganisa ng CARD MRI Publishing House, isang institusyon ng CARD MRI na naglalayong magbigay ng mga makabuluhang kwento at impormasyon para sa mga komunidad.

Nakatakdang isagawa ng CARD Publishing ang isa pang Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program sa Tuguegarao sa darating na buwan ng Agosto ng taong ito.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



## MATUTO AT SUBUKAN ANG CHICKEN PASTIL NG COTABATO CITY MULA KAY TITA SUSAN!

Mula sa isang maliit na *sari-sari store*, pinalago ni Susan Pascua, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng paggawa ng *homemade chicken pastil,* isang kilalang pagkain mula sa Mindanao. Gamit ang *loan* mula sa CARD, Inc. bilang puhunan, pinalawak niya ang kanyang negosyo at nagdagdag ng iba't ibang lutong pagkain. Naging paborito ng mga mamimili ang kanyang *chicken pastil*. Itinuturo din ni Susan sa kanyang mga anak ang paggawa ng pastil at pamamahala ng negosyo.

Mula kay Tita Susan, narito ang gabay sa paggawa ng *homemade chicken pastil*:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Manok
- Tubig
- Mantika
- Bawang at Sibuyas
- Toyo
- *Seasoning*
- Asin
- Paminta
- Sinaing na Kanin
- Kaserola
- Plato
- Tinidor/Kutsilyo
- Kawali
- Sandok
- Dahon ng Saging

**Proseso ng paggawa:**

1. Ilagay ang tubig at buong manok sa kaserola. Pakuluin ito ng 15 hanggang 20 minuto o hanggang sa maluto ang manok.
2. Alisin ang tubig at ilipat ang manok sa plato at hayaan itong lumamig.
3. Himayin ang manok sa maliliit na piraso gamit ang kamay. Pwede ring gamitin ang tinidor o kutsilyo.
4. Sa kawali, painitin ang mantika sa katamtamang init at ilagay ang maliliit na piraso ng bawang at sibuyas. Haluin ito gamit ang sandok sa loob ng ilang minuto hanggang sa ito ay maging *golden brown*.
5. Pagkatapos nito, ilagay ang hiniwang manok sa kawali kasama ang toyo at *seasonings*. Haluin at pakuluan ng lima hanggang 10 minuto hanggang maging *light brown* ang karne.
6. Bago patayin ang apoy, lagyan ito ng asin at paminta para sa karagdagang lasa nito.
7. Ilagay sa isang tabi at palamigin.
8. Sa malinis na dahon ng saging, lagyan ng hindi bababa sa 1 ½ tasa ng kanin at ilapat ang *chicken pastil* sa ibabaw nito.
9. Maingat na balutin at ihain.

Ano pang hinihintay mo? Gumawa at subukan ang *homemade chicken pastil*, isang kilalang pagkain mula sa mga Pilipinong Muslim, at i-enjoy ito sa loob ng inyong tahanan!


# CROSSWORD PUZZLE

Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 7 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc,** kasama ng inyong buong pangalan, pangalan ng CARD center (kung mayroon), CARD institution, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **August 31, 2024** at sila ang makatatanggap ng papremyo.




**Pababa:**

1. Ito ay isang lokal na pagkain sa Mindanao at naging negosyo ni Susan Pascua.
3. Saang probinsya ginanap ang Kaunlaran Caravan ng CARD MRI noong Hunyo 21, 2024?
6. Anong buwan ipinagdiwang ng CARD MRI Publishing House at ng Hijos Tours ang kanilang ika-7 anibersaryo?
8. Bukod sa baboy, anong hayop pa ang inaalagaan ng pamilya ni Lerma Cuevas mula sa Rosario, Batangas?

**Pahalang:**

2. Ito ay isang programa ng CARD MRI at inoorganisa ng CARD MRI Publishing House na naglalayong paigtingin ang kaalaman ng mga media practitioner sa misyon ng CARD MRI bilang isang social development organization na labanan ang kahirapan sa bansa.
4. Ito ay isang institusyon na bahagi ng CARD MRI na naglalayong labanan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng mura ngunit dekalidad na mga produkto at serbisyong pangkalusugan upang mapabuti at mapaunlad ang kalusugan ng mga komunidad sa Pilipinas.
5. Layunin nitong suportahan ang mga MSME sa pagpapalago ng kanilang mga negosyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng akses sa bangko at sa mga produkto nito gaya ng business loans.
7. Saan probinsya binuksan ang bagong sangay ng CARD SME Bank noong Hunyo 10, 2024?
9. Si _______________ Pallen ang kinilalang valedictorian ng CMDI Bay Campus, habang si Renzyle Jade Zafra naman ang valedictorian ng CMDI Tagum Campus.

# SULONG COMICS

